ang nadiskubre sa isa sa mga *"pyramids"* sa Giza. Ang mga mamamayan sa sinaunang India, Griego, at Roma ay nagsugal sa mga uri ng sugal na mayroon noong kapanahunan nila.

Sa Biblia, mababasa natin na ang mga sundalo ng Roma ay nagsugal para sa damit ng Panginoon matapos Siyang ipako sa krus. Nakasaad din sa Biblia na ang sugal ay mali sapagkat:

a) Ito'y lumalabag sa pamantayan ng Biblia na tapat at disenteng paraan ng pagtratrabaho. Ito'y nagtagauyod ng katamaran *(Kaw 19:15, Kaw 10:4).*

b) Ito'y lumalabag sa kautasan ng Diyos ukol sa pagiimbot *(covetousness) (Exo 20:17).*

c) Ito'y nagtataguyod ng katiwalian at ng kamatayan sa pagkamalikhain sa pamilya at sa lahat ng antas ng sosyedad *(Kaw. 21:25-26, Kaw. 11:23).*

d) Ito'y pasimula ng iba pang mga sakit sa lipunan gaya ng prostitusyon, sindikato ng droga, at katiwaliang pampulitika *(Kaw. 13:11, Kaw. 12:24).*

e) Ang sugal ay itinataguyod at ini-indorso ng mga gobyernong may katiwalian mula pa nung panahon ng mga Kastila upang papurulin ang mga tao at gawing manhid sa kawalan ng katarungan at sa pagmanipula ng mga mayayaman sa mahihirap *(Kaw. 14:31, Kaw. 15:6).*

Manalangin tayo:

- Na hindi matuloy ang pagpapatayo ng Casino Complex sa Parañaque.
- Na ang mga *intercessors* ay tatayo sa sira sa pader (stand in the gap) at humingi nga kapatawaran para sa mga masamang mga panukala na inapbubahan ng mga mambabatas, laong-lalo na ang mga senador na nakipagkasunduan sa atin nitong huling halalan. Oras na para i-apela natin sa pinakamataas na hukuman sa langit upang wasakin ng Diyos ang "pakana ng masasama" *(Ezek. 22:23-31).*

Education Watch

Ang Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) ay naglunsad ng mga programa na magpapababa sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral dahil sa mga araling hindi naisali sa kurikulum gaya ng kahustuhan sa oras (punctuality), "stock market awareness," at "financial literacy."

Ipanalangin natin:

- Na magkaroon ng patuloy na ugnayan ang DepEd at ang Philippine Stock Exchange (PSE) upang maisama ang "stock market awareness," at *"financial literacy"* sa kurikulum ng mga mag-aaral sa mataas na paaralan.
- Na ang kahalagahan ng pag-iimpok at wastong paggastos ay maituro sa mga mag-aaral upang makatulong sila sa ating ekonomiya.
- Na ang mga guro ay maging bihasa at masanay sa mga programang makatutulong sa kanilang maging mas epektibo sa pagtuturo ng *"financial literacy".*

Science & Technology Watch

INFLUENZA A (H1N1)

Nitong nakaraang buwan, ang balitang karaniwang nasa mga diyaryo, radyo, at telebisyon ay ang banta ng Influenza A (H1N1), na nauna nang nakilala bilang ang *"swine flu virus."* Ito ay isang klase ng virus na nagmula sa mga baboy at unang natukoy noong Abril ng kasalukuyang taon. Ang virus na ito ay nakakahawa sa mga tao at kumakalat ito mula sa isang tao papunta sa iba sa kaparehong kaparaanan ng "regular" na "influenza virus" - sa pamamagitan ng ubo at bahing ng mga taong na-impeksiyon ng virus. Dahil sa dali at bilis ng transportasyon sa buong mundo, ang H1N1 virus ay may kakayanan na kumalat sa maraming tao sa buong mundo.

Ipanalangin natin:

- Na ang Panginoon ang patuloy na magbibigay proteksiyon sa hangganan ng ating bansa laban sa pagpasok ng influenza A (H1N1) virus.
- Na pagagalingin ng Panginoon ang lahat ng taong papasok sa ating bansa na nakasagap ng virus o nakihalubilo sa mga taong may dala ng virus.

CLIMATE CHANGE / GLOBAL WARMING

Ang pagbabagong klima ay nagyayari na at kumakatawan sa isa sa pinaka lubus-lubusang banta sa kalikasan, panlipunan at ekonomiya ng mundo. Ang pag-init ng sistema ng klima ay maliwanag, ayon sa mga obserbasyon na tumaas na ang pangkaraniwang temperatura ng hangin at ng karagatan, malawakang pagkatunaw ng yelo at niyebe, at ang pangkalahatang pagtaas ng lebel ng tubig sa karagatan. Ang pangkaraniwang temperatura ng mundo ay tumaas na ng 0.76° C mula noong 1850. Karamihan sa pag-iinit na naganap nitong huling 50 taon ay mas malamang na dulot ng gawain ng tao.

Ang mga gawain ng tao na nakatulong sa pabago-bagong klima ay ang pagsusunog ng kung tawagin ay "fossil fuels," pagbabago sa pamamaraan ng paggamit ng lupang pag-agrikultura, at pagputol ng mga puno sa kagubatan. Ang mga gawaing ito nay nagpapataas ng antas ng carbon dioxide (CO_2), ang pangunahing gas na sanhi ng pabago-bagong klima, gaya rin ng iba pang mga 'greenhouse gases.' (www.greenfacts.org)

Sa Pilipinas, ang mga lokal na siyentipiko ay nagbigay na ng babala na maari tayong makaranas ng tag-gutom pagdating ng 2020, dahil ang tama ng pabago-bagong klima ay makakaapekto sa ating likas-yaman. Ang inaasahang paginit ng 0.2° C kada dekada ay magiging sanhi ng paglaganap ng malawakang tagtuyot at madalas na pagbaha, na siya namang makakasama sa ating agrikultura.

Ipanalangin natin:

- Na mas marami pang mga tao ang magkakaroon ng kamalayan tungkol sa pabago-bagong klima at sila mismo ang gagawa ng mga hakbang upang mapigilan ang pagtaas ng temperatura ng mundo.
- Na ang mga taong bingyan ng kapangyarihan pang ipatupad ang mga batas pangkalikasan sa ating bansa ay tunay ngang magpatupad ng mga batas na ito, na sila'y magkaroon ng kalooban na ipatupad ang mga ito, at sila rin ay magkaroon ng katapangan na humuli sa mga lumalabag sa batas.
- Na ang mga tao ay magsimula nang baguhin ang kanilang pamumuhay upang makatulong sa kalikasan imbes na makasama dito.

Media Watch

Ang media ay itinakda na maging behikulo upang ang isang bagay ay maganap, maipahayag o' maisagawa. Kung puro kasamaan at kabulukan ang itinuturo sa pamamagitan ng media (telebisyon, radio, pahayagan, internet), magiging corrupt ang buong bansa. Bilang intercessors, responsibilidad nating ibalik sa paanan ng Panginoon ang media para sa kapakanan ng susunod na henerasyon ng Pilipino.

Ipanalangin natin:

- Na ang mga kapatid sa media pillar, lalo na yaong lantad sa publiko/higit na kilala, ay maging matapang gaya ng mga unang disipulo (Gawa 4:24-31) sa pagtupad ng kanilang tungkulin bilang media practitioners; "ngayon Panginoon, pinagbabantaan nila kami. Tulungan mo ang iyong mga alipin na maipangaral nang buong tapang ang Iyong salita (v.29).
- Na ang kanilang kapighatian (dahil sa trials, temptations at persecutions) ay mapalitan ng kagalakan (i.e. pabor mula sa Diyos at tao)
- Na magkakaroon sila ng impact sa henerasyong ito dahil sa kanilang salita, gawa at pagsamba.
- Na itataas nila ang antas ng paglilingkod upang gayahin o' lampasan pa ng kapwa taga-media.

For more information, please contact:
INTERCESSORS FOR THE PHILIPPINES, INC.
#453 Calbayog St., Highway Hills, Mandaluyong City
(02) 533-5166 (02) 533-5183
http://ifphilippines.net
if_phils@yahoo.com / info@ifphilippines.net / tynf@ifphilippines.net

Philippine Prayer Alert

Intercessors for the Philippines

Two-Year National Fast Prayer Focus

HUNYO 2009

PANAHON NA UPANG KUMILOS

"Aakitin niya sa pamamagitan ng daya ang mga Judiong tumalikod sa kanilang relihiyon ngunit maninindigan ang mga kumikilala sa Diyos at sila'y magtatagumpay." **Dan 11:32**

BY BISHOP DAN A. BALAIS

Ang "spiritual season" sa ating bansa ay dumaranas ng malaking pagbabago (shift). Ang kapahayagan sa IFP tungkol sa ika-490 taon mula sa pagkakadiskubre ng Pilipinas (mula 1521 hanggang 2010) ay dapat na marinig at maunawaan ng Body of Christ upang tayo ay epektibong makapanalangin, makapaghanda at makakilos para sa kaganapan nito – gaya ng pagkakahalintulad sa Daniel 9:24.

Higit kailanman, ang pagbabago ng panahon ay dapat lubusang maunawaan ng iglesya – upang makapanalangin at malaman ang nararapat niyang gawin. Ayon sa Daniel 11:32: maninindigan ang mga kumikilala sa Diyos at sila'y magtatagumpay. Ang pagkakilala sa Diyos at ang kapahayagan ng Kanyang gagawin ang maglalagay sa Kanyang mga hinirang sa mahalaga at tamang posisyon (strategic vantage point) upang matagumpay nilang mabago (impact) ang kanilang generasyon.

Ang mahalagang oras na ito ay mangangailangan ng masusing pag-aantay sa malinaw na direksiyon ng Diyos. Sa gitna ng maraming tinig at opinyon, ang mga lalaki at babaeng matiyagang nag-aantay sa Panginoon ang tatanggap ng karunga at kaunawaan kung ano ang nararapat na gawin (1 Cron 12:32). Yaong naghahanap sa Diyos ay tatanggap ng grasya, pambihirang kakayahan (divine enablement), at pabor upang makagawa ng mga di pangkaraniwang bagay upang tuparin ang layunin ng Diyos sa Kanyang kapanahunan.

Ang mga taong matiyagang nananalangin ay madalas na nagiging kasangkapan tungo sa katuparan ng kanilang ipinapanalangin. Halimbawa, tinanggap ni Isaias ang kanyang pagkatawag pagkatapos ipakita ng Diyos ang Kanyang kaluwalhatian sa propeta (Isa 6:1-8). Ang panalangin ang naglalagay sa mga hinirang ng Diyos sa tamang posisyon upang sila ay maka-aksyon. Yaong nakaranas ng divine encounters ang tumatanggap ng pambihirang abilidad upang maipatupad ng Diyos ang Kanyang kalooban sa daigdig sa kanilang henerasyon.

Family Watch

Dahil sa kasalukuyang *"sex video scandal,"* si Press Secretary Cerge Remonde ay nagpahayag ng "papel ng mga magulang sa paggabay ng kanilang mga anak, lalong-lalo na sa pagsugpo ng pornograpiya o sa pananaliksik ng mga 'materials' na may kinalaman sa pornograpiya sa internet."

Ipanalangin natin:

- Na ang mga magulang, mananampalataya man o hindi, ay magbabantay ng mabuti sa kanilang mga anak kapag sila ay nasa inernet at magkaroon sila ng alituntunin upang mapigilan ang kanilang mga anak na pumunta sa mga websites na may pornograpiya.
- Na ang mga magulang ay humingi ng karunungan mula sa Diyos kung papaano nila matuturuan ang kanilang mga anak patungkol sa seks upang makaiwas sila sa pakikipagtalik bago sila ikasal at maiwasan din ang pagbubuntis na wala sa panahon.
- Na ang mga pamilya ay magkaroon ng bukas na linya ng komunikasyon upang mapag-usapan nila ang ano mang paksa at hindi mahihiya o matatakot ang mga bata na makipag-usap sa kanilang mga magulang tungkol sa kanilang problema sa kasalungat na kasarian.
- Na ang Colosas 3:5-6 ay maging bukambibig ng bawat miyembro ng pamilya - "Patayin nga ninyo ang inyong mga bahagi na maka-lupa. Ito ay ang pakikiapid, karumihan, pita ng laman, masasamang nasa at kasakiman na siyang pagsamba sa diyos-diyosan. Dahil sa mga bagay na ito, ang poot ng Diyos ay dumarating sa mga anak na masuwayin."

Religion/Church Watch

Ang kapanahunang pang-espirituwal sa Pilipinas ay nagkakaroon ng laganap na pagbabago. Ang kapahayagan sa IFP patungkol sa ika-490 taon mula nang madiskubre ang Pilipinas noong 1521 ay kinakailangang marinig at maintindihan ng mga Iglesia upang ang mga ito ay maging epektibo sa pananalangin, makapaghanda, at gumawa ng aksiyon upang maisakatuparan ang kahalintulad ng nasasaad sa Daniel 9:24.

Ipanalangin natin:

- Na ang diwa ni Isacar ay bumaba sa mga Iglesia upang maintindihan nila ang mga panahon at kapanahunan ng Diyos para sa bansa upang malaman nila ang kanilang gagawin (1 Chr 12:32).
- Na magkaroon ng mas malalim na pagkagutom at pagka-uhaw ng Iglesia upang hanapin ang Panginoon at alamin ang Kanyang kalooban. Ang mga taong nakakakilala sa Diyos sa mas malalim na kaparaanan ang makakatanggap ng pananampalataya at ng pagpapala upang makagawa ng mga kahanga-hangang gawain sa napakahalagang oras ng ating bansa. Ipanalangin din natin na mas maraming pang mga iglesia ang magpasiya na manalangin at mag-ayuno at sumali sa Two-Year National Fast (TYNF). (Daniel 11:32)
- Na ang Iglesia ay bumangon at magtaguyod ng katuwiran at katarungan sa ating henerasyon at makatulong sa pagbabago ng walong "gates" ng lipunan (Eight Gates of Society), lalung-lalo na sa larangan ng politika sa nalalapit na halalan sa 2010. Manalangin tayo para sa pagkakasagip ng Iglesia sa relihyosong "mindset" at magkaroon ng "Kingdom of God mindset" upang mas maging epektibong instrumento ng pagbabago sa ating bansa. (Awit 89:14)

Government Watch

Ipanalangin na ang mga miyembre ng Kongreso ay:

- Gagampanan ang kanilang tungkulin nang buong katapatan at uunahin nila ang interes ng publiko at ng bansa at isasantabi ang mga makasariling mga interes. Na mapagisip nila na sila ay nasa kanilang mga posisyon upang tumulong na mapagbuti ang kalidad ng buhay sa ating minamahal na bansa;
- Bibigyan ng pangunahing pansin ang pagpapasa ng mga batas na makakatulong upang malagpasan ng Pilipinas ang kasalukuyang pandaigdigang paghina ng ekonomiya at upang mabawasan ang kahirapan (katulad ng pagpapalawig sa termino ng CARP law; at ang pagpapalawig sa bisa ng Rent Control Law)
- Magsasagawa ng mga imbestigasyon nang walang kinikilingan at magnanais lamang na lumabas ang katotohanan;
- Hindi mawawala ang kanilang konsentrasyon sa pagpapasa ng makahulugang mga batas kahit na naghahanda na sila para sa 2010 elections;
- Hindi magpapagamit upang magpapatuloy ang mga tiwali at abusadong mga dinastiyang politikal;
- Mangunguna sa pagsisikap na mabulgar ang mga tiwaling gawain.

Business/Economy Watch

Batay sa pagaaral ng mga ekonomista at mga negosyante, ang tanging paraan upang malutas ang kahirapan sa Pilipinas ay sa pamamagitan ng pagnenegosyo.

Sa artikulo niyang "My Dream for the Philippines" sinabi ni Joey Concepcion na tanging sa pagnenegosyo o pangangalakal lamang mapapababa ng mga Pilipino ang napakataas na antas ng kahirapan.

Ang pangangalakal ay ang kapasidad at pagnanais na magbalak, magorganisa at mamahala ng isang produktibong pakikipagsapalaran kasama ang kaagapay na mga panganib, habang nagnanais namang kumita. Sa economics, ang pangangalakal ay itinuturing na factor o sanhi ng produksiyon kasama ang lupa, paggawa, likas na kayamanan at kapital. Ang espiritu ng pangangalakal ay may katangian ng inobasyon at pakikipagsapalaran, at isang mahalagang elemento ng kakayahan ng isang bansa na magtagumpay sa isang patuloy na nagbabago at nagiging mas mahigpit na pandaigdigang kompetisyon.

Ang pamamahala sa isang produktibong pakikipagsapalaran kaagapay ang mga peligro upang tumubo bilang gantimpala ay hindi natututuhan sa paaralan. Dahil sa napakaraming mga sukatan na nakapaloob, pinakamabuting ituro ito sa pamamagitan ng aktuwal na karanasan. Kahit marami na ang naitala ang proseso ng pangangalakal sa ilang business schools, ang kagandahan ng pangangalakal ay mas magandang ituro sa aktuwal na pagaaral nito ng sama-sama.

1. Upang buhayin ang espiritu ng pangangalakal sa Pilipinas, kinakailangang magkaisa tayo na maging isang nasyon ng mga negosyante at magnais na tulungan ang ating mga kababayan na tanggapin ang katawagang ito upang maiahon sila sa kahirapan

Ipanalangin natin:

- Na ang bunga ng pangangalakal na hindi ginamit upang maitatag ang Pilipinas kung hindi itinago para sa makasariling interes noon, ay nawa maingat na bantayan na ngayon, alagaan upang hindi manakaw at magagamit upang pagpalain at mapatatag ang nasyon

2. Pagod na ang mga Pilipino sa pagiging mahirap. Sa pagpasok natin sa bagong kapanahunan sa Pilipinas, nawa ay magkaroon ng maraming mga maitatag na pagkilos kaugnay ng pangangalakal katulad ng "Go Negosyo" ni Joey Concepcion na nagnanais at tumatayo upang matupad ang mga pangarap ng mga tao, at nagnanais na mabago ang pananaw ng mga Pilipino sa buhay. Ang mga kilusang katulad ng Corporate Social Responsibility for Small and Micro Enterprises (CSRSME) ni Ben Quinones ay may puso at pagnanais na tulungan ang mga Pilipinong mangangalakal at nagnanais ng paglago ng tinatawag na alternative economy

Ipanalangin natin :

- Na ang mga bagong uri negosyanteng makikita natin sa hinaharap ay naturuan ng tamang pamamaraan sa pangangalakal na tama at makatarungan. Na habang nagsisikap silang disiplinahin ang kanilang sarili na magsipag sa pagtatrabaho ay matatanggap nila ang grasya ng Diyos upang magpatuloy at hindi susuko sa gitna ng mapanghamon at mahirap na mga kapanahunan.

3. Ang hamon ngayon ay lumago ang mga negosyante mula sa malilinggit hanggang maging maliit at medyo malaking mga kalakalan at maging malaki pa sa darating na mga araw

Ipanalangin natin :

- Para sa mga pagkakataon para sa kanila at nawa ay maging handa sila na sanayin sa pagpapatatag ng kanilang karakter. Batay sa mga statistika, otsenta porsiyento ng tagumpay sa pangangalakal ay nakasalalay sa pananaw

Upang ang mga mangangalakal ay mapasailalim sa pagpapala at pabor ng Panginoon ay kinakailangang bumalik sila sa kanyang mga batas sa pagnenegosyo, ang panghabang-panahong mga prinsipyo (Heremias 6:16) na ipinaalam niya sa mga tao upang matamasa nila ang Kanyang pagpapala at kabaitan.

4. Ang pagbabago sa kapanahunan ay nararamdaman na dahil sa pagbabago ng hangin ng Panginoon sa Pilipinas (Daniel 9:24). Nakikita natin na dumadami ang mga Pilipinong hindi gaanong pumupuna sa nasyong ito at sa kanyang hinaharap. Pagkaraan ng pagliliglig sa ekonomiya ng ibang mga bansa, makikita natin na ang pagliliglig sa ating bansa noong nakaraan ay naging bentahe pa nga para sa atin. Ginawa tayo nitong mas umaasa sa Diyos. Sanay na tayo sa mga mahihirap na kapanahunan kaya ang ganitong mga pangyayari ay hindi na bago sa atin.

Binibigyan tayo ng pag-asa ng Diyos. Tunay nga na mayroong pagbabago, Dumarami ang positibo sa kanilang pananaw at mas makabayan ang kanilang mga espiritu. Hindi na tayo nahihiyang magsuot ng mga damit na mayroong bandila o mapa ng Pilipinas. Marami ang pinasigla ng mga pagpapanalo ni Manny Pacquiao. Sinisimbolo niya ang mga minamaliit, mahiyain dahil sa kahirapan at ngayon ay pinatunayan niyang mali ang maraming tao. Isa siya sa mga pinakadakilang boksingero sa buong mundo. Isa siyang negosyanteng walang kasinghusay, nagsikap ng husto, umasa sa Panginoon, pinagibayo ang kanyang kakayahan at kahusayan sa boksing at itinaya ang kanyang buhay.

Ang lahat ay posible na ngayon sa pagasang binigay ng Diyos sa bansang ito.

Ipanalangin natin :

- Na ang mga negosyanteng Pilipino at ang mga kuwento nila ng tagumpay ay magbigay sigla sa bansa. Isang kahanga-hanga at makinang na hinaharap ang naghihintay at tiyak na mangyayari sa mga mananampalataya sa Makatarungan at Patas, Mapagmahal at Mahabaging Diyos, sa kanila na nagtitiyaga at lubos na naghahangad sa Kanya.

PAGPALAIN ANG PILIPINAS SA PAGPAPALIT NG MGA PANAHON!

PRAYER ASSIGNMENT: GAMBLING

Ang kahulugan ng sugal ay ang pagtaya ng pera o anumang bagay na mahalaga sa isang pangyayari na walang katiyakan ang resulta, na kung saan ang pangunahing layunin ay ang pagpanalo ng karagdagang pera/kagamitan/ari-arian. Noon pa mang sinaunang panahon, mayroon ng katibayan na karamihan ng mga kultura ay nagtaguyod nito sa kung ano mang uri ito mayroon.

May mga kagamitan na may kaugnayan sa sugal ang natagpuan sa sinaunang Tsina mula pa noong 2300 B.C. Isang pares ng *"dice"* na gawa sa garing na ginawa bago pa man 1500 B.C. ang natagpuan sa Ehipto. Sa katunayan, may mga kasulatang bumabanggit sa sugal